



## ANO ANG DAPAT MALAMAN NG PAMILYA NG BETERANO KAPAG NAG-AAPPLY SA DEPARTMENT OF VETERANS AFFAIRS (VA) NG PENSYON NA MGA BENEPISYO

Ang programa sa pensyon ng VA ay nagbibigay ng buwanang bayad sa benepisyong para sa Beterano sa tiyak na panahon ng digmaan na may pinansiyal na pangangailangan at sa kanilang mga nakaligtas. Dahil ang mga Beterano at nakaligtas ay isinasalang-alang sa pag-aapply para sa kanilang mga benepisyong, nais ng VA na ibahagi a ng mahalagang impormasyon tungkol sa programa ng pensyon at mga organisasyon na nag-aalok ng tulong sa aplikasyon ng pensyon.

### ANO ANG MGA BENEPISYO NG PENSYON?

- **Ang Pensyon** ay benepisyong binabayaran batay sa pangangailangan sa Beterano sa panahon ng digmaan at sa kanyang (mga) nakaligtas. Ang Beterano ay maaaring pangkalahatan na maging karapat-dapat kung siya ay:
  - tinanggal sa serbisyo sa ilalim ng bukod sa mga kahihyang kundisyon, **AT**
  - nagserbisyo ng 90 araw o higit pa sa aktibong militar, pandagat at panghimpapawid nang kahit man lamang 1 araw sa panahon ng digmaan\*, **AND**
  - ang kanyang nabibilang na sahod ay mababa sa **pinakamataas na taunang singil, AT**
  - natugunan ang mga limitasyon ng netong halaga, **AT**
  - may edad 65 o mas matanda, **O** ipinakikita ng ebidensiya na mayroong permanente at ganap na kapansanan na hindi kaugnay sa serbisyo, **O** pasyente sa nursing home, **O** tumatanggap ng mga benepisyong sa kapansana mula sa Social Security.

\*Ang mga Beterano na pumasok sa aktibong duty pagkatapos ng Sityembre 7, 1980, ay dapat nagserbisyo rin nang kahit man lamang 24 buwan sa aktibong serbisyo sa tungkulin. Kung ang kabuuang haba ng serbisyo ay kulang n 24 buwan, dapat kumpletuhin ng Beterano ang kanyang buong pag-ikot sa aktibong tungkulin.
- **Ang Aid and Attendance (A&A)** ay pinataas na buwanang pensyon na binayaran sa Beterano o nabubuhay na asawa. Maaari kang maging karapat-dapat sa pinataas na A&A na halaga kung:
  - Karapat-dapat ka para sa pangunahing benepisyong sa pensyon **AT**
  - Kailangan mo ng tulong ng ibang tao upang maisagawa ang mga aktibidad sa pang-araw araw na pamumuhay katulad ng paliligo, pagkain, pagbibihis, pagbabanyo, pag-aangkop ng prostetikong device, o pagprotekta sa iyong sarili mula sa mga panganib ng iyong pang-araw araw na kapaligiran, **O**
  - Nakaratay ka at ang iyong kapansanan o pagkabalada ay nangangailangan na manatili ka sa higaan bukod sa iyong anumang iniresetang gamot para sa paggalint ag paggamot , **O**

Ang Kapansanan na tinukoy ng VA na magiging kaugnay sa serbisyo mo sa militar ay magdudulot ng buwanang walang buwis na bayad, pag-enrol sa care system, ang 10 puntos na pagpipilian sa pagkuha ng empleyado para sa pederal na pagbibigay ng trabaho at iba pang mahalagang benepisyong. Tanungin ang kinatawan ng VA o kinatawan ng VA Service Organization tungkol sa Bayad sa Kapansanan, Pensyon, Health Care, Caregiver Program, Mga Serbisyo sa Karera, Tulong sa Edukasyon,, I



U.S. Department  
of Veterans Affairs



Garantiya sa Homeland, Seguro at/o Mga Benepisyong Sinusustentuhan at Nakaligtas



- Pasyente ka sa nursing home dahil pa mental o pisikal na kawalang kakayahan, **O**
- Inayos ang kalinawan ng iyong paningin na 5/200 o mas mababa, sa parehong mata o konsentrikong pagikli ng abot ng paningin hanggang 5 digri o mas mababa.
- **Ang Housebound** ay ang pinataas na buwanang pensyon na halagang binayaran sa Beterano o nabubuhay na asawa na mahalagang nananatili sa kanyang tahanan dahil sa permanenteng kapansanan. Maaari kang maging karapat-dapat kung:
  - Karapat-dapat ka sa pangunahing mga benepisyong pensyon **AT**
  - Mayroon kang nag-iisang permanenteng kapansanan na tinasa bilang 100 na porsiyentong pagkabalda **AT**, dahil sa kapansanan o mga kapansanan, ikaw ay permanente o mahalagang manatili sa iyong pinakamalapit na lugar, **O**
  - Mayroon kang nag-iisang permanenteng kapansanan na tinasa bilang 100 na porsiyentong pagkabalda **AT** tinasa bilang 60 porsiyento o higit pang kapansanan.

### **Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa mga organisasyon na nag-aalok ng tulong sa mga paghahabol sa mga benepisyong pensyon?**

- **Ang Komite ng Espesyal na Senado ng E.U para sa Matatanda** (Komite) ay nakita na ang ilan sa mga organisasyon ay nagkakamali sa kanilang pagkatawan habang tumutulong sa mga Beterano at nakaligtas na nag-aapply para sa pensyon sa VA.
  - Noong pagdinig nang Hunyo 2012, ipinabatid ng Komite ang mga hinaing na ang ilan sa mga organisasyon ay nagbebenta ng pinansiyal na mga produkto at pagiging karapat-dapat sa hangganan upang maging kwalipikado para sa mga benepisyong pensyon ng VA.
  - Natutunan din ng Komite na ang mga organisasyon na ito ay maaaring sumingil ng malaking halaga para sa mga produkto at serbisyo na hindi laging nagugustuhan ng mga naghahabol.
  - Maaari mong i-access ang video ng pagdinig sa [website](#) ng Komite.
- **Ang Government Accountability Office ng E.U** (GAO) ay naglathala ng report sa mga Pensyong Benepisyong Mga Beterano: Mga Pagpapahusay na Kinakailangan upang Tiyakin na Mga Kwalipikadong Beterano Lamang at Mga Nakaligtas ang Tatagpp ng Mga Benepisyong, [GAO-12-540](#). GAO found that:
  - May higit 200 organisasyon na ang pinansiyal na merkado at mga serbisyo sa pagpapalano ng estado upang tulungan ang mga naghahabol sa pensyon na may sobrang ari-arian na natugunan ang karapat-dapat na pangangailangan para sa mga benepisyong pensyon.
  - Ang mga organisasyon na ito ay pangunahing naglalaman ng mga pinansiyal na tagapagplano at abogado na nag-aalok ng mga produkto katulad ng kinita sa isang taon at pautang.
  - Ang ilang mga produkto at serbisyo na inibigay katulad ng kita sa isang taon ay maaaring hindi angkop para sa mga matatandang Beterano dahil
  - Ang mga produktong ito at serbisyo ay maaaring magresulta sa pagiging hindi karapat-dapat para sa Medicaid para sa tagal ng panahon.
  - Ang ilan sa mga organisasyon ay naniningil ng bayad na mula lang daang dolyar para sa mga pagpapayo sa benepisyong hanggang \$10,000 para sa pagpapautang.

## Sino ang makatutulong sa akin na mag-file ng paghahabol para sa pensyon ng VA, kabilang ang pensyon sa tulong at pagtulong o halaga housebound?

- Ang indibiduwal ay karaniwang dapat na maunang bigyang kapangyarihan ng VA upang tulungan ang naghahabol sa paghahanda, presentasyon, at pag-uusig ng paghahabol para sa mga benepisyo ng VA—kahit na walang singil. Binibigyang kapangyarihan ng VA ang tatlong uri ng indibiduwal para sa layunin na ito:
  - Mga kinatawan ng kanilalalang mga organisasyon sa serbisyo sa mga Beterano ng VA
  - Mga Ahente sa isahang paghahabol
  - Mga Pribadong Abogado
- Ang nahahanap na listahan ng mga binigyang kapangyarihan na kinatawan, ahente at abogado ay available sa website ng Tanggapan ng Pangkalahatang Konseho ng VA: <http://www.va.gov/ogc/apps/accreditation/index.asp>
- Ang pagbibigay ng kapangyarihan ng VA, na para sa nag-iisa at limitadong layunin para sa paghahanda, pagpapakilala at pagsasagawa ng paghahabol bago ang VA ay kinakailangan upang tiyakin na ang mga naghahabol para sa mga benepisyo ng VA ay may responsable, kwalipikadong representasyon.
- Pinahihintulutan ng VA ang regulasyon sa isahang beses na eksepsyon sa pangkalahatang panuntunan na ito, na nagpapahintulot sa VA na bigyang kapangyarihan ang tao na maghanda, ipalita at usigin ang isa na naghahabol nang walang akreditasyon. Ang tulong ay dapat walang gastos sa naghahabol ay sasailalim sa mga batas na sumasaklaw sa representasyon, at hindi maaaring gamitin upang umiwas sa mga kinakailangan sa akreditasyon.
- Kabilang sa paghahanda at presentasyon ng paghahabol sa VA ang iba pang mga bagay, pangangalap ng impormasyon na kinakailangan upang mag-file ng paghahabol para sa mga benepisyo, pagkumpleto sa aplikasyon ng paghahabol, pagsusumite ng impormasyon sa hahabol sa VA at pakikipag-usap sa VA sa ngalan ng naghahabol.
- Ang pinaniniwalang abogado o ahente sa paghahabol ng VA na tagapagplano rin sa pinansiyal ay maaring tulong sa naghahabol sa paghahabol para sa A&A. Gayunman, ang mga tagapagplanong pinansiyal ay hindi maaaring gamitin ang kanilang akreditasyon sa VA para sa layunin ng pagsusulong o pagbebenta ng pinansiyal na mga produkto.
- Kapag natukoy ng VA na ang pinagkakatiwalaang abogado o ahente ay ginagamit ang akreditasyon ng VA para sa hindi angkop na layunin, maaaring suspendihin ng VA o kanselahin ang akreditasyon ng isang tao.

## Maaari bang sumingil ng pinagkakatiwalaang abogado o ahente sa paghahabol, na tagapagplano rin sa pinansiyal para sa paghahanda ng paghahabol para sa A&A?

- Hindi. Sa pangkalahatan maaari lamang singilin ng pinagkakatiwalaang abogado o ahente sa paghahabol ang mga naghahabol ng bayad **pagkatapos** ng ibigay ng ahensiya ang orihinal na hurisdiksiyon (hal. Panrehiyong tanggapan ng VA) ang desisyon sa paghahabol, ang abiso sa hindi pagsangayon ay i-file, at ang abogado o ahente ay nag-file ng power of attorney at kasunduan sa bayad sa VA.

- 
- Ang eksepsyon ay magagamit kapag ang pinagkakatiwalaang abogado o ahente sa paghahabol ay tumanggap ng bayad o sahod mula sa hindi interesadong ikatlong partido. Ang ikatlong partido ay itinuturing na hindi interesado lamang kung ang kompanya o indibiduwal ay hindi makikinabang sa salapi mula sa matagumpay na kinalabasan ng paghahabol

- Ipinapaalala namin na ang ilang indibiduwal ay sumisingil ng bayad sa paunang pagpa-file ng “konsultasyon” upang ipaalam sa Beterano o nakaligtas ang tungkol sa mga benepisyo sa VA na maaring magamit nila. Sa ilang tiyak na estado, ang lisensya sa pagsasagawa ng batas ay maaaring kailanganin upang magbigay at sumingil ng bayad para sa nasabing “mga konsultasyon”, na maaring ituring na pagbibigay ng legal na payo.
- Ang bayad sa “konsultasyon” na iyon ay hindi makatarungan kapag siningil ang mga iyong pagkatapos maging **naghahabol** sa VA ang Beterano o nakaligtas sa pamamagitan ng pagpapahayag sa abogado o ahente ang layunin ng pagpa-file ng paghahabol mula sa mga benepisyo ng VA.
- Ang bayad sa “konsultasyon” ay hindi maaaring ipantay sa kinalabasan ng paghahabol na inihain sa VA kung ang abogado o ahente ay nagbibigay ng anumang tulong sa paghahabol—iyon ay hindi maaaring sangayunan ng abogado o ahente na ibalik ang bayad kung pagkatapos tulungan ng abogado o ahente ang paghahabol sa VA, sa katapusan ay tinanggihan ng VA ang paghahabol. Ang bayad na iyon ay nagkakahalaga ng hindi makatarungan ng bayad kung mananalò sa kaso o paunang bayad kasama ang application para sa mga benepisyo ng VA.
- Ang mga serbisyo ng organisasyon ng mga Beterano na kinilala ng VA kabilang ang kanilang kinikilalang mga kinatawan ay hindi pinahihintulutan na tumanggap ng bayad para sa kanilang mga serbisyo na nauukol sa paghahabol sa VA sa anumang pagkakataon.
- Kapag natuloy ng VA na ang kinikilalang abogado o ahente ay hindi angkop na siningilan ng bayad para sa paghahanda, paghahain o sasagawa ng paghahabol bago ang pagpasa ng abiso sa hindi pagtanggap, maaaring suspendehin ang VA o kanselahin ng indibiduwal ang akreditasyon.

**Pinahihintulutan ba na mag-alok ng garantiya na ang naghahabol ay gagawaran ng A&A o ang pagproseso ng paghahabol ay pabibilisin?**

- Hindi. Ang mga pangakong iyon ay pinatunayan na panlilinlang dahil ang VA ay ganap na tagapagdinig na paghahabol para sa mga benepisyo ng VA.
- Kapag natukoy ng VA na ang kinikilalang abogado o ahente ay nanloko o nanlinlang ng naghahabol yungkol sa mga benepisyo o iba pang karapatan sa ilalim ng mga programa na pinangangasiwaan ng VA, maaaring suspendehin ng VA o kanselahin ang akreditasyon ng isang tao.

Para sa higit pang imporma, Tumawag sa Toll-Free 1-800-827-1000 o Bisitahin ang Web Site sa <http://www.va.gov>

